

Pagtitiwala Sa kanyang pag-ibig

Kahit na hindi natin maunawaan
ang nangyayari sa ating paligid



Layout and distribution in Europe by/

Layout at pamamahagi sa Europa sa pamamagitan ng

Dansk Balkan Mission, dbm@balkanmission.dk / www.balkanmission.dk

Pagtitiwala Sa kanyang pag-ibig

Kahit na hindi natin maunawaan
ang nangyayari sa ating paligid

ni Rev. Ross Edward Johnson
Isinalin sa Salitang Pilipino ni Ms. Thelma S. Quilala





Para sa akin , ang mga pagtitiis sa kasalukuyan ay hndi maihahambing
sa kaluwalhatiang mahahayag sa atin balang araw.

Roma 8:18



Bakit nangyari ito? Ito ang madalas nating naitatanong kung may masamang nangyari sa atin buhay.

Ano ang nagawa ko at nangyari ito sa akin? May nasabi ba ako o nagawa kayat ganito ang nangyari sa aakin? May nasabi ba ako na dapat ay ganito ang dana-sin ko? Nais natin malaman kung bakit kahit sa mabubuting tao ay nangyayari ang masama.

Mahalaga na mapag-isipan natin na may ibang salungat sa kinamulatan nating kultura o kabihasan ang isinasaad sa Biblia. Sa harap ng Diyos, ang tao ay hindi mabuti kayat wala siyang karapatan ituring nga ang sarili na mabuti. Bilang patunay sinasabi sa Roma 3:23 na “sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapatdapat sa kaluwalhatian ng Diyos.” Gayon din ang mababasa sa Roma 6:23, “kamatayan ang kabayaran ng kasalanan.”





Sa Diyos ako ay tumawag, at dumaing nang malakas,
ganoon ang aking daing upang ako'y dinggin agad.

Awit 77:1

MALAPIT SI CRISTO SA GITNA NG ATING PAGDURUSA

Ipinahahayag din natin sa “Iglesia” o sa simbahang ating kinabibilangan, tayo ay nararapat tumanggap ng parusa ng Diyos dito sa lupa at buhay na walang hanggan.

Bilang tao, lagi nang may mga bagay-bagay tungkol sa ating Diyos na Maalam sa lahat, Makapangyarihan sa lahat at Mapagmahal sa lahat na kailan man ay hindi natin ito maunawaan. Huwag natin isipin na ang Diyos ay hindi nagmamalasakit sa atin. Hindi rin tayo dapat magpilit na ipaliwanag sa atin ng Diyos ang mga nangyayari sa ating buhay. Sa halip, magtiwala tayo sa Kanyang pag-ibig kahit na hindi natin maunawaan ang mga nangyayari sa ating paligid.

Dahil sa pag-ibig ng Diyos sa iyo, Siya ay kumikilos upang ikaw ay tubusin at iligtas sa kaparusahan sa iyong kasalanan. Ang pag-ibig Niyang ito ang malinaw na pinatunayan ng Diyos nang ibigay Niya ang Kanyang Anak upang mamatay sa krus bilang kabayaran sa iyong kasalanan. Darating ang araw na ikaw ay ililigtas ng Diyos sa daigdig na ito ng kapighatian upang mabuhay sa ganap na kalangitan.



Mga minamahal, huwag na kayong magtaka sa mabibigat na pagsubok na inyong dinaranas na para bang ito'y di pangkaraniwan sa halip magalak kayo sa inyong pakikibahagi sa mga paghihirap ni Cristo upang maging lubos ang inyong kagalakan kapag nahayag na ang kanyang kadakilaan.

1 Pedro 4:12-13



MALAPIT SI CRISTO SA GITNA NG ATING PAGDURUSA

Kung dumarating ang mga problema, ang tao ay dapat magsisi sa halip na manghula o mag-isip ng hindi tama sa kalikasan ng Diyos o pilitan ang Diyos na gawin ang ating mga naisin. Sa Lucas 13, ipinapatay ni Pilato ang ilang mga taga-Galilea habang sila ay naghahandog sa Diyos.

Hindi dapat nangyari ang kasamaang ito sa kanila. Sinabi ni Jesus sa Lucas 13:3 na “malibang magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong lahat.”





Dahil kay Cristo, walang halaga sa akin kung ako ma'y mahina,
kutyain, pahirapan, usigin at magtiis. Sapagkat kung kailan
ako lalong mahina, saka naman ako nagiging malakas.

2 Corinto 12:10

MALAPIT SI CRISTO SA GITNA NG ATING PAGDURUSA

Sa halip na ipaliwanag o bigyang-katuwiran ni Jesus kung bakit may masasamang nangyayari, sinabi Niya na magsisi ang tao. Ang pagpapahayag ng kasalanan ay pagpapakumbaba. Ito ay nagtutulak sa atin mula sa pagkamakasarilyo tungo sa pagtitiwala sa kabutihan at kahabagan ng Diyos.


Inilalayo tayo nito bilang mapagmataas at mapagtiwala sa sariling kakayahan tungo sa pag-asang ang ating Diyos na makapangyarihan sa lahat at mapagmahal sa lahat ay hindi na kailangang magpaliwanag kundi magsabi lamang na “Siya ay Siya nga” (Exodo3:14). “Ang aking isipa’y hindi ninyo kaisipan, ang inyong kaparaanan ay hindi ko kaparaanan”(Isaias 55:8). Tulad din ng ipinaliwanag ni San Pablo sa Roma 9:20, “Masasabi kaya ng isang hinuhubog sa kanyang maghuhubog, “Bakit ninyo ako ginawang ganito?”

Bakit ipinahihintulot ng Diyos ag mga pagdurusa?

Bunga ng kasalanan at pagkahulog dito ang pagdurusa. Kailan man ay hindi ginusto ng Diyos na mahulog sa kasalanan sina Adan at Eba.



Ang Diyos ang ating lakas at kanlungan at handang saklolo
kung may kaguluhan.
Awit 46:1



MALAPIT SI CRISTO SA GITNA NG ATING PAGDURUSA

Malinaw na binalaan sila ng Diyos tungkol sa bawal na pagkain at sa magiging bunga sa pagsuway nila.

Ngunit pinili nilang magkasala sa Diyos kayat na-kapasok ang kasalanan at ang pakawasak sa daigdig. Sa simula pa lamang ng pagkahulog ng tao sa kasalanan, sinimulan na ng ating mapagmahal Diyos ang Kanyang pagtubos sa kasalanan (Genesis 3:15).

Magmula sa pagkahulog sa kasalanan hanggan sa huling araw, magkakaroon ng paghihirap at pagkakasala. Sa kabila nito, hindi natin namamalayan na ang ating Mapagmahal na Diyos ay patuloy na magliligtas sa atin sa kasalanan, sa kamatayan at sa masama.

Ang pinakamahalaga sa lahat at lagi tayong magtiwala sa kapahayagan sa atin tungkol sa Diyos: na Siya ay nagmamahal sa atin, namatay Siya para sa atin at inililigtas Niya tayo sa kasalanan na pagkawasak ng ating pagkatao. Sa Banal na kasulatan, lahat ng bagay na mahalagang malaman natin tungkol sa Diyos at sa kaligtasan ay maliwanag na nahahayag sa Banal na Kasulatan.



Kung nasasaktan ang isang bahagi , nasasaktan ang lahat...
1 Corinto 12:2



Kapag, may nangyaring masama sa akin, pinarurusahan ba ako ng Diyos dahil ako ay nagkasala?

Hindi nangangahulugang kaugnay sa isang kasalanang nagawa mo kaya may nangyaring masama sa iyo. Bagamat ito ay laging nangyayari dahil tayo ay nasa isang makasalanang at nawasak na sanlibutan (Genesis 2-3).

Sa sanlibutang ito, ipinagkakanulo tayo ng ating katawan, nagkakasakit tayo at mamamatay. Sa nawasak na sanlibutang ito, ipinagkakanulo rin tayo ng ibang tao at ito ang nagiging dahilan ng napakaraming problema, at kasawian. Madalas ay nagtitiis tayo nang may paghihirap dahil sa makasalanang desisyon na ating nagawa (Awit 51).

May pagkakataon na tayo ay dumaranas ng espiritual na panunukso ng demonyo at ng kanyang mga kampon. Sila ay nananakot at nagdudulot kapighatian at kasawian (Job).



Huwag na kayong mabalisa.
Juan 14:1a



Ano ang gagawin ko kung sa pakiramdam ko ay waring wala na akong pag-asa sa buhay?

1. Ang panalangin ang pinakamabuting gawin kung sobrang lito ka na sa mundo.
2. Dumalo ka sa pagsamba at sa mga gawain sa simbahan kung saan mo patuloy na tatanggapin ang pagpapatawad ng kasalanan at ang biyayang dulot ng katawan ni Cristo.
3. Kausapin mo ang iyong pastor upang mabigyan ka ng Cristianong kaalaman.
4. Sa iyong pastor ka patuloy na lumapit upang sa kanya ka magpahayag ng pansariling pagpapapahayag ng kasalanan at kapatawaran nito.
5. Gamitin mo ang iyong paghihirap bilang paalaala na abuhay ka sa isang nawasak na sanlibutan at sa pangako ni Cristo na kasama mo Siya sa pagdurusang ito.
6. Ilagak mo ang iyong pag-asa kay Cristo at sa Kanyang pagkabuhay ng mag-uli; hindi sa sanlibutang ito o sa mga makasalanang tao na magdudulot sa iyo ng kabiguan.



Kaya, yamang nakikibahagi ang mga anak sa laman at dugo,
at siya man ay nakibahagi rin sa mga bagay na ito,
upang sa pamamagitan ng kamatayan ay kanyang mapuksa
ang may kapangyarihan sa kamatayan, samakatuwid ay ang diyablo,
at mapalaya silang lahat na dahil sa takot sa kamatayan
ay nasa ilalim ng pagkaalipin sa buong buhay nila.

Mga Hebreo 2:14-15

May kabutihan bang ibubunga ang kasamaan?

Kadalasan, hinahayaan ng Diyos na mangyari ang isang kamangha-manghang bagay pagkatapos ng mga masasaklap na pangyayari (Genesis 50:15-21). Si Job ay pinagpala ng Diyos matapos ng mga kalunos-lunos na pangyayari sa kanyang buhay (Job 42:10).

Ngunit walang pangako ang Diyos na sa tuwing may kahirapan at pagsubok ay makikita natin na magbubunga ito ng mabuti. Sa panahon ng kalungkutan, mahalaga na magtiwala tayo sa Diyos.

Siya ay isang mapagmahal at maalagang Ama sa langit na laging nakatunghay sa iyo. Sa panahon ng kapighatian, makikita natin ang kanyang mahabaging pagkilos.

Ang kahabagan ng Diyos sa tao ay mamamalas natin kay Jesu-Cristo na nagbalik ng ugnayan ng tao sa Makalangit na Ama. Walang makapaghihiwalay sa atin sa pag-bigi ng Diyos na tanging matatagpuan kay Cristo Jesus (Roma 8:38-39).

May kabutihan bang ibubunga ang kasamaan?

